ACTIVITY

A. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

G	Q	A	N	G	K	A	N	N	I	M	U	G	N	N	D	H	Z
F	K	N	A	G	S	I	N	U	N	G	A	L	I	N	G	A	L
Z	O	N	W	A	S	A	K	I	N	S	S	N	L	J	P	N	N
J	T	A	S	N	K	M	T	M	H	R	A	I	A	I	O	D	A
B	O	K	J	O	D	G	A	L	I	T	D	N	B	Y	D	O	G
R	L	A	J	N	A	A	K	I	T	Z	G	A	A	T	R	G	K
C	D	L	W	W	E	S	P	Z	H	O	B	K	G	R	F	H	A
D	A	A	X	Z	P	I	N	A	R	U	S	A	H	A	N	B	S
X	Y	A	G	E	G	M	F	I	B	R	G	W	Z	Q	S	M	A
F	T	N	Z	S	U	J	Q	Q	S	O	L	A	H	I	H	X	L
R	C	H	G	E	O	D	U	U	B	S	R	I	S	H	U	N	A
V	K	A	B	A	N	G	Y	A	M	A	N	H	G	I	L	P	I

nagsinungaling
nagkasala
nilabag
naakit
galit

kabang yaman
nakalaan
ninakaw
angkan
lahi

pinarusahan
wasakin
handog
tolda
abo

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang dapat na gawin ng mga Israelita sa lahat ng kanilang matatagpuan sa bayan ng Jericho matapos itong sakupin?

_____

2. Ano ang ginawa ni Acan sa mga bagay na kanyang nakita?

_____

3. Ano ang naging epekto ng pagsuway ni Acan?

_____

4. Ano ang kinahinatnan ni Acan at ng kanyang pamilya?

_____

5. Alin sa mga kautusang binigay ng Diyos kay Moses (sampung utos) ang nilabag ni Acan? Bakit mo nasabi ito?

_____

_____

Alam at nakikita ng Diyos ang lahat ng ating ginagawa. Nakita ng Diyos ang pagkuha ni Acan ng mga bagay at itinago niya ang mga ito nang sakupin nila ang Jericho. Pinagnasaan niya ang mga bagay na dapat ilagay sa kabang-yaman ng Diyos at ito ay kanyang itinago. Hindi siya nakinig, hindi nagtiwala at sinuway ang sinabi ng Diyos kaya naman napahamak ang buong bayan. Dahil ang Diyos ay makatarungan, si Acan at ang kanyang buong pamliya ay pinatawan ng parusa ng Diyos.

C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Unang araw ng eskwela kaya't masayang-masaya ang lahat ng studyante ng Grade 6 – Patience ng magkita-kita sa loob ng classroom. Dahil bagong school year, bago rin ang gamit ng karamihan sa mga bata.

Nakita ni Lyka ang napaka-cute na Panda bear na ballpen ni Tammy sabay sabing "Gusto ko nyan! Ang cute naman ng ballpen mo Tammy." "Pasalubong ng ninang ko sa akin galing Japan" sabi naman ni Tammy.

Pinakita ni Tammy ang isang collection ng pen na pasalubong sa kanya.

Lyka: "Wow ang ganda! Sana all may ganyan."

Buong araw na pasulyap-sulyap si Lyka sa desk ni Tammy para lang makita ang ballpen niya.

Matapos ang recess naunang nakabalik si Lyka sa classroom. Nakita niya ang ballpen collection ni Tammy sa bag nito na nakabukas. Tumingin siya sa paligid. Habang wala pang ibang tao sa classroom ay kumuha siya ng isa sa mga collection ni Tammy at tinago sa kanyang bulsa.

Nang makauwi sa bahay, hindi mapakali si Lyka dahil napag-isipan niya na mali ang kanyang ginawa. Napansin ni Nanay Baby na parang hindi mapakali ang anak kaya't kinausap niya ito. Inamin ni Lyka sa kanyang nanay ang maling ginawa niya at humingi ito ng tawad. Nagalak si Nanay Baby dahil inamin ng anak ang kanyang pagkakamali. Binanggit din ng kanyang ina na hindi lang dapat sa kanya siya humingi ng tawad kundi pati sa Diyos at kay Tammy. Bagamat sa tingin niya ay walang nakakita sa kanya, siya ay nakita ng Diyos. Natakot si Lyka sapagkat noon lang niya naisip na may nakakita sa kanyang ginawa. Lubos ang hiya at lungkot na kanyang naramdaman bunga ng kanyang ginawa kaya naman nagdasal si Lyka sa Diyos at humingi ng tawad. Hiniling din niya na bigyan siya ng lakas ng loob ng Diyos na ibalik ang ballpen na kinuha at humingi ng tawad kay Tammy.

Kinabukasan hinanap agad ni Lyka si Tammy upang ibalik ang ballpen at humingi ng tawad sa kanya.

Mga tanong:

1. Ano ang maling ginawa ni Lyka?

   _____

2. Ano ang tamang ginawa ni Lyka?

   _____

3. Totoo ba na walang nakakakita sa atin sa lahat ng ating ginagawa?

   _____

4. Ano ang pagkakatulad na ginawa ni Acan at Lyka?

_____

_____

5. Ano ang pagkakaiba ng ginawa nila Acan at Lyka?

_____

_____

Sa lahat ng oras at pagkakataon, alam at nakikita ng Diyos ang lahat ng ating ginagawa. Wala tayong maitatago at malilihim sa Kanya. Maaaring makalusot tayo sa mata ng tao, ngunit hindi tayo makakalusot sa mata ng Diyos. Mahalaga na tandaan ng mga batang tulad natin na sa tuwing nakakagawa tayo ng mali lantad man o palihim, mahalaga na humingi tayo ng tawad sa Diyos at sa taong nagawan natin ng mali. Ang Diyos na puno ng awa ay handang magpatawad sa mga batang nagsisisi.

D. Memory Verse

Walang nilalang na makakapagtago sa Diyos; ang lahat ay hayag at lantad sa kanyang paningin, at sa kanya tayo magsusulit ng ating mga sarili.
Hebreo 4:13